

Ministry of Long-Term Care (Enero 2021)

Fact Sheet ng Bakuna sa COVID-19

PAANO GUMAGANA ANG MGA BAKUNA?

Ang kapwa mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay magsasabi sa iyong katawan na gumawa ng hindi nakakasamang protina na natagpuan sa virus at magsimulang gumawa ng antibodies na makakalaban sa tunay na virus kung magkakaroon ka ng kontak dito. Ang mga bakuna ay ibinibigay gamit ang isang karayom na itinutusok sa kalamnan ng itaas ng iyong braso at ang bakunang iyon ay ginagamit para sa iyong una at pangalawang dosis. Inaasahan ang mga bakuna na 94-95% epektibo pagkatapos ng dalawang dosis.

MAKATANGGAP BA AKO NG BAKUNA?

Pwede kang mabakunahan ng Pfizer-BioNTech kung ikaw ay **16 na taong gulang at mas matanda** at ng bakuna ng Moderna kung ikaw ay **18 taong gulang at mas matanda**.

Ikaw ay **kailangang hindi makatanggap ng** bakuna sa COVID-19 kung ikaw ay:

- Nagkaroon na ng matinding allergic na reaksiyon (hal. anaphylaxis) sa isang naunang dosis ng ganitong uri ng bakuna. Maaari mong rebyuhin ang talaan ng mga sangkap dito: [Pfizer-BioNTech vaccine monograph / Moderna COVID-19 vaccine monograph](#)

Kailangang ipagpaliban mo ang pagtanggap ng bakuna sa COVID-19 kung:

- Nakatanggap ka ng ibang bakuna (hindi bakuna sa COVID-19) sa nakalipas na 14 na araw.
- Mayroon kang biglaang lumala na mga sintomas na katulad ng sa COVID-19; kailangang maghintay ka hanggang maresolba ang iyong mga sintoma at wala nang lagnat sa loob ng di bababa sa 24 na oras.
 - o Kung naninirahan kayo sa isang tahanan ng pangmatagalang pangangalaga, at ibinubukod dahil sa positibong dayagnosis at naresolba ang inyong mga sintoma, maaari kayong bakunahan.
 - o Kung naninirahan kayo sa isang tahanan ng pangmatagalang pangangalaga, at positibo sa virus at walang sintoma, maaari kayong bakunahan kung lumipas na ang di-bababa sa 72 oras mula sa iyong positibong test.

Maaaring magawa mong tumanggap ng bakuna sa COVID-19, ngunit kailangang gumawa ng mga pag-iingat, tulad ng 30 minutong obserbasyon kasunod ng bakuna, kung:

- Ikaw ay may problema sa pagdurugo, madaling magkakapasa, o gumagamit ng gamot na pampalabnaw ng dugo.
- Mayroon kang kasaysayan ng matinding allergic na mga reaksiyon (hal. anaphylaxis) sa partikular na mga pagkain, mga alagang hayop, o latex.

Basahin ang panggabay na dokumento para sa espesyal na mga populasyon: [Mga Rekomendasyon sa Pagbabakuna para sa mga Espesyal na Populasyon,](#)

ANO ANG GAGAWIN KO MATAPOS MAKATANGGAP NG BAKUNA SA COVID-19?

- Maghintay ng di-bababa sa 15 minuto bago umalis sa iyong appointment at ipaalam kaagad sa isang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan kung hindi maganda ang pakiramdam mo.
- Maaaring maramdaman mo ang ilang side effect tulad ng:

o Pananakit sa bahaging tinurukan,	o Lagnat, panggiginaw
o pamumula, pamamaga	o Namamagang mga gland
o Pagkapagod	o Pagtatae
o Pananakit ng ulo	o Parang masusuka/pagsusuka
o Pananakit ng kalamnan o pananakit ng kasukasuan	

Bihira ang mga seryosong side effect matapos matanggap ang bakuna. Gayunpaman, kung magkakaroon ka ng alinman sa sumusunod na mga hindi magandang reaksiyon sa loob nang tatlong araw mula nang matanggap ang bakuna, humingi kaagad ng medikal na pansin o tumawag sa 911 kung napakasama ng iyong pakiramdam:

- o Hives
- o Pamamaga ng mukha o bibig
- o Hirap sa paghinga
- o Napakaputlang kulay at seryosong pagka-antukin
- o Mataas na lagnat (higit sa 40°C)
- o Kombulsyon o pag-aatake (seizures)
- o Iba pang seryosong mga sintoma (hal., "parang tinutusok ng mga aspile at karayom" o pamamanhid)